## Binuo ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ang social media toolkit na ito upang suportahan ang edukasyon at outreach ng botante sa komunidad para sa Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Unang Superbisoryal na Distrito.

Ang toolkit na ito ay nagbibigay ng tama at pare-parehong mensahe mula sa isang mapagkakatiwalaang source. Ang toolkit na ito ay naglalaman ng impormasyon at mga suhestiyong mensahe para sa **Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Unang Superbisoryal na Distrito sa Ika-1 ng Hulyo, 2025.** Lahat ng mga suhestiyong mensahe at grapiko ay available para gamitin sa social media at mga website.

## Impormasyon sa Eleksyon

Ang espesyal na pangkalahatang eleksyon na ito ay upang punan ang bakanteng posisyon sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029.

Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ang siyang karapat-dapat na makisali sa eleksyon. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Unang Superbisoryal na Distrito? **Hanapin ang inyong Distrito.**

Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Unang Superbisoryal na Distrito ay makakatanggap ng isang balota sa koreo **sa linggo ng Ika-2 ng Hunyo** para sa espesyal na pangkalahatang eleksyon na ito.

**Narito ang inyong mga opsyon sa pagboto:**

- Maaari ninyong kumpletuhin ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service. Ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto!
- Simula Martes, Ika-3 ng Hunyo, kayo ay magkakaroon ng opsyon na ihulog ang inyong balota sa isa sa 29 na opisyal na mga ballot drop box sa buong distrito.
- Kung mas nais ninyong bumoto nang personal, ang opsyon na iyon ay available rin. Samantalahin ang isa sa sampung araw ng maagang pagboto nang personal!
    - Simula Sabado, Ika-21 ng Hunyo, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa pinal na araw ng pagboto sa Martes, Ika-1 ng Hulyo, kung kailan ang labintatlong mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean sa kanluran (west), hanggang sa kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa Unang Superbisoryal na Distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, tulad ng Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Bukod pa rito, kasama sa Distrito 1 ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

**Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1?** I-click dito para alamin.

## Pagmemensahe sa Social Media

I-follow ang **@sdvote** sa **X** para sa mga update at siguraduhing gamitin ang **#SDVOTE** na hashtag!

**Mga Proactive na Mensahe (ngayon hanggang sa Araw ng Eleksyon, Ika-1 ng Hulyo)**

- Maging isang may kaalaman na botante! Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay ang opisyal na source para sa impormasyon sa eleksyon. Bisitahin ang sdvote.com upang matuto nang higit pa sa pagboto sa Ika-1 ng Hulyo espesyal na pangkalahatang eleksyon. #SDVOTE

- Ang inyong boto ay ang inyong boses! Gusto mo bang bumoto sa nalalapit na espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo? Dapat kayong nakarehistro para bumoto at nakatira sa Distrito 1. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1?
  Alamin dito: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elec-rep-info-lookup.html

**Mga Mensahe sa Rehistrasyon ng Botante (ngayon hanggang Ika-16 ng Hunyo)**

- Kung nakatira ka sa Distrito 1 at nais bumoto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo, kailangan na kayo ay magparehistro para makaboto bago ang Ika-16 ng Hunyo upang makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo. Magsisimulang ipadala ang mga balota sa linggo ng Ika-2 ng Hunyo. Alamin ng higit pa sa sdvote.com.

- Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Distrito 1 ay makakatanggap ng isang balota sa koreo sa linggo ng Ika-2 ng Hunyo para sa espesyal na pangkalahatang eleksyon. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1?
  Alamin dito: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (simula sa Ika-2 ng Hunyo)**

- Mga botante ng Distrito 1: hindi ninyo kailangan maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon upang bumoto! Huwag maantala, ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, libre ang selyo, o sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito. Humanap ng lokasyon na malapit sa inyo:
  https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

- Iparinig ang inyong boses! Ikaw ba ay isang residente ng Distrito 1 at nais bumoto sa espesyal na pangkalahatang eleksyon? Bumoto ngayon! Alamin ng higit pa ang inyong mga opsyon sa pagboto: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Pagboto nang Maaga (Ika-21 ng Hunyo hanggang Ika-30 ng Hunyo, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.)**

- Mga botante ng Distrito 1: mayroon kayong ilang mga secure na opsyon para ibalik ang inyong balota sa espesyal na pangkalahatang eleksyon. Maari ninyong ipadala sa koreo, ihulog sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro, o bumisita sa isang vote center. Alamin ng higit pa ang inyong mga opsyon sa pagboto sa sdvote.com

- Mga botante ng Distrito 1: Huwag magpaliban, bumoto ngayon! Kung nais ninyong bumoto nang personal, pitong mga vote center ang bukas ngayon hanggang ika-5 ng hapon. Hanapin ang pinakamalapit na lokasyon sa inyo: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

**Mga Mensahe sa Araw ng Eleksyon**

**(13 na mga vote center ay bukas ngayon, ang mga oras ng pagboto sa Araw ng Eleksyon, Ika-1 ng Hulyo, ay mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.)**

- Mga botante ng Distrito 1: huling araw na para bumoto! Iparinig ang inyong boses. Labintatlong mga vote center at 29 na opisyal na ballot drop box ang bukas sa buong distrito hanggang ika-8 ng gabi ngayon. Hanapin ang pinakamalapit na lokasyon sa inyo: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html

- Mga botante ng Distrito 1: huwag magpaliban! May oras pa para bumoto. Bumoto bago mag ika-8 ng gabi ngayon. Hanapin ang pinakamalapit na vote center sa inyo: https://www.sdvote.com/content/rov/tl/elections/election_information.html